Simple N Informative
SNIPPET
Parent-to-Parent Education Tools

# Lahat ng Tungkol sa ASL

## Mga Sanggunian:

Conductive na pagkawala ng pandinig

Kwento ng isang pamilya

Mga sanhi at paggamot

- Ang Wikang Pasenyas ng mga Amerikano (ASL, akronim nito sa Ingles) ay isang kumpleto, natural, biswal na wika na may parehong linggwistikong katangian gaya ng sinasalitang mga wika at mayroon itong sariling grammar at naiiba sa wikang Ingles.
- Ang ASL ay ipinapahayag gamit ang paggalaw ng mga kamay, katawan at mukha. Ito ang pangunahing wika ng maraming taga-Hilagang Amerika na bingi at mahina ang pandinig, at ginagamit din ng maraming tao na nakakarinig.
- Ang ASL ay makakatulong sa mga bata kahit na mga sanggol na makipag-usap bago pa sila makapagsalita. Makakatulong ito na mabawasan ang pag-aalburoto, magturo ng mga ABC at pagbaybay, pagpapahayag ng damdamin, at mapabuti ang bokabularyo habang nagtuturo ng ibang wika.
- Maaari kang matuto ng ASL sa pamamagitan ng mga app, libro, website, tutor, klase, bidyo, grupo/club ng mga bingi, at higit pa.
- Ipinakikita ng pananaliksik na ang isang bata ay maaaring matuto ng ASL at ng ibang wika nang sabay. Iminumungkahi na isenyas ng magulang ang salita at pagkatapos ay sabihin ang salita.
- Kailanma'y hindi masyadong maaga o huli para simulan ang pagtuturo ng ASL sa iyong anak. Tandaan na ang pag-uulit ay susi.
- Manatiling matiyaga at pursigido. Huwag panghinaan ng loob kung hindi tama ang paggamit ng iyong anak ng mga senyas o kung hindi agad ito ginagamit. Ang layunin ay pinahusay na komunikasyon at mabawasan ang pagkabigo — hindi pagiging perpekto.
- Ang karaniwang mga salita na itinuturo sa ASL sa simula ay: gatas, tubig, dagdagan pa, tapos na, maglaro, matulog, nanay, tatay, kumain, oo, hindi, tulong, maligo, libro, pasensya na, mangyari po, salamat, mahal kita, at uminom.
- Panatilihing simple ang mga senyas. Hindi ito kailangang maging perpekto. Magsimula sa mga senyas upang ilarawan ang mga nakagawiang kahilingan, aktibidad at bagay sa buhay ng iyong anak.
- Maraming mga sanggol ang magkakaroon ng hanggang 5 mga senyas pagdating ng edad na isang taon at hanggang sa 30 mga senyas pagdating ng 18 buwan.
- Gawing interaktibo ang pagsesenyas. Subukang kandungin ang iyong sanggol, na nakatalikod sa iyong tiyan. Yakapin ang mga braso at kamay ng iyong sanggol upang gumawa ng mga senyas. Gumamit ng mga senyas kapag nakikipag-usap sa iyong sanggol. Subukang magsenyas habang naliligo, nagpapalit ng diaper, nagpapakain o nagbabasa sa iyong sanggol.
- Iminumungkahi ng pananaliksik na ang pinakasimpleng anyo ng wikang pasenyas (mga senyas para sa indibidwal, madalas na ginagamit na mga salita na madaling mabuo ng mga sanggol) ay maaaring magbigay sa isang karaniwang lumalaking bata ng isang paraan upang makipag-usap nang mas maaga ng ilang buwan kaysa sa mga gumagamit lamang ng pasalitang komunikasyon.

11.23 ASL

ANG PROYEKTONG ITO AY SUPORTADO NG EARLY HEARING DETECTION AND INTERVENTION PROGRAM NG ILLINOIS DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH AT NG PREVENTIVE HEALTH AND HEALTH SERVICES (PHHS) BLOCK GRANT NG CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION, AT ANG MGA NILALAMAN NITO AY RESPONSIBILIDAD LAMANG NG MGA MAY-AKDA AT HINDI SUMASALAMIN SA MGA PANANAW NG PINAGMUMULAN NG PONDO.